



Mga Gamot, Medikal na Supply, at Kagamitan para sa mga Taong Apektado ng Mga Sunog sa County ng LA

Mga Madalas Itanong

1. Nawala ko ang aking mga gamot. Paano ko mapapalitan ang mga ito?

Kung naapektuhan ka ng emergency dulot ng wildfire, may iba't ibang paraan upang mapalitan ang iyong mga gamot. Hindi mo kailangang dalhin ang iyong mga reseta o bote ng gamot. Tandaan, kung ang iyong gamot ay isang kontroladong kemikal, tulad ng mabisang painkiller, tingnan ang tanong 2.

- **Pumunta sa botika:**

- Kung maaari, tawagan o bisitahin ang botika kung saan mo orihinal na pinupunan ang iyong reseta.
- Kung bahagi ng isang chain ang iyong botika, pero sarado ito o hindi mo ito ma-access, pumunta sa alinmang botika sa parehong chain. Maaari nilang hanapin ang iyong mga rekord sa kanilang system. Kung hindi ka makakapunta sa iyong botika o chain ng botika, maaari kang pumunta sa alinmang bukas na botika. Maaari nilang ilipat ang iyong mga reseta. Kung hindi nila matawagan ang iyong regular na botika o ang iyong doktor, maaari ka nilang bigyan ng sapat na gamot para magamit hanggang sa makuha mo ang iyong regular na supply. Pinapayagan ito sa mga emergency tulad ng mga sunog sa LA, tingnan ang [pharmacy.ca.gov/licensees/state_of_emergency_la.pdf](https://www.pharmacy.ca.gov/licensees/state_of_emergency_la.pdf)

Tandaan: Sa panahon ng emergency na ito, saan ka man nagpupuno ng iyong reseta, ang babayaran mo lang ay ang iyong karaniwang copay. Naaangkop ito kahit na masyado pang maaga para sa regular na pag-refill o kung pupunta ka sa botikang wala sa iyong network. Para sa higit pang impormasyon, tingnan ang [dmhc.ca.gov/Resources/Newsroom/PressReleases/January9,2025.aspx](https://www.dmhc.ca.gov/Resources/Newsroom/PressReleases/January9,2025.aspx).

- **Tawagan ang iyong kumpanya ng insurance:** Sa panahon ng emergency, maaaring ipadala ng mga kompanya ng insurance ang iyong mga reseta sa isang botika at puwede nilang payagan ang mga maagang pag-refill. Maaari din silang tumulong sa iyong mga medikal na supply at kagamitan. Kasama rito ang Medicare at lahat ng plano ng Medicare Advantage.

- *Impormasyon para sa mga miyembro ng L.A. Care:* <https://www.lacare.org/members/health-news-advisories/los-angeles-wildfires-2025-member-services-updates>
- *Impormasyon para sa mga miyembro ng Health Net:* https://www.healthnet.com/content/healthnet/en_us/news-center/news-releases/2025-01-08-health-net-providing-special-assistance-members-affected-palisades-fire.html
- *Impormasyon para sa mga miyembro ng Medicare:* [cms.gov/files/document/dme-emergency-provider-response-support-tool.pdf](https://www.cms.gov/files/document/dme-emergency-provider-response-support-tool.pdf)

- **Makipag-ugnayan sa iyong doktor:** Kung matatawagan mo ang iyong provider ng pangangalagang pangkalusugan o klinika, sabihin sa kanila na kailangan mo ng pang-emergency na pag-refill ng reseta.

- **Gumamit ng serbisyong telehealth** kung wala sa itaas ang gumagana o kung kailangan mo ng bagong reseta. Tingnan ang tanong 4 at 5.



Mga Gamot, Medikal na Supply, at Kagamitan para sa mga Taong Apektado ng Mga Sunog sa County ng LA Mga Madalas Itanong

2. Ang aking nawawalang gamot ay isang kontroladong kemikal. Paano ko mapapalitan ito?

- Kung kailangan mo ng paggamot nang may gamot (medication assisted treatment, MAT) para sa adiksiyon, tawagan ang Linya para sa Konsultasyon ng MAT para humiling ng reseta. Bukas ang linya nang 7 araw bawat linggo mula 8am – hatinggabi sa 213-288-9090.
- Para sa iba pang kontroladong kemikal, mangyaring tawagan ang provider na karaniwang nagresetang mga ito sa iyo. Kung hindi mo sila matawagan, mangyaring bumisita sa agarang pangangalaga.

3. Nag-aalala ako tungkol sa gastos sa pagpapalit ng aking mga gamot. Mayroon bang anumang proteksyon o tulong pinansyal na available?

Mayroon. Depende ito sa kung mayroon kang insurance sa kalusugan o wala.

- Kung mayroon kang insurance sa kalusugan
 - Kinakailangang saklawin ng lahat ng planong pangkalusugan ang lahat ng medikal na kinakailangang inireresetang gamot, medikal na kagamitan, at supply para sa mga miyembrong naapektuhan ng mga wildfire. Sa panahon ng emergency na ito, saan ka man nagpupuno ng iyong reseta, ang babayaran mo lang ay ang iyong karaniwang copay. Naaangkop ito kahit na masyado pang maaga para sa regular na pag-refill o kung pupunta ka sa botikang wala sa iyong network. Tingnan ang dmhc.ca.gov/Resources/Newsroom/PressReleases/January9,2025.aspx.
- Kung wala kang insurance sa kalusugan, o kung hindi saklaw ng iyong insurance ang iyong gamot, o kung hindi mo kayang bayaran ang mga co-pay:
 - **Gumamit ng programa ng County:** Nag-aalok ang LA County ng mga opsyon sa medikal na coverage para sa mga residenteng mababa ang kita. Bumisita sa [Mga Serbisyong PangKalusugan ng LA County](#) o tumawag sa **2-1-1**.
 - **Kausapin ang iyong pamilya:** Maaaring may mga programang may diskwento ang mga botika o tumatanggap sila ng mga coupon mula sa mga online na mapagkukunan tulad ng [GoodRx](#).

4. Paano ko magagamit ang telehealth para makakuha ng bagong reseta kung kailangan ko?

- **Telehealth na ibinibigay ng plano:** Maraming kompanya ng insurance sa kalusugan ang nag-aalok ng libre o murang serbisyong telehealth. Tawagan ang numero sa iyong kard o bisitahin ang website ng iyong plano.
- Nag-aalok ang **Teladoc Health** ng mga libreng pagpapatingin sa telehealth nang 24 na oras sa isang araw sa 1-855-225-5032. Kasama sa mga serbisyo ang paggamot para sa mga kondisyong tulad ng impeksyon sa baga, allergy, problema sa sinus, at mga sintomas ng sipon o trangkaso. Makakatulong din ang Teladoc sa mga pag-refill ng reseta para sa mga gamot na hindi kontroladong kemikal. Para sa karagdagang impormasyon, bumisita sa teladochealth.com/info/disaster-hotline.
- Nag-aalok ang **GoodRx** ng libreng mga pagpapatingin sa provider ng pangangalagang pangkalusugan online. Maaaring gamitin ng mga nangangailangang taga-Angeles ang code na LA-GOODRX-CARE para sa iba't ibang kondisyon kabilang ang tulong sa mga pag-refill ng gamot. Para sa impormasyon, bumisita sa goodrx.com/care.



Mga Gamot, Medikal na Supply, at Kagamitan para sa mga Taong Apektado ng Mga Sunog sa County ng LA Mga Madalas Itanong

5. Paano ako makakakuha ng tulong sa pakikipag-ugnayan sa aking botika o planong pangkalusugan?

- **Bumisita sa Sentro ng Sanggunian para sa Kalamidad** (Disaster Resource Center, DRC). Ang mga nars sa mga DRC ay makakatulong sa mga pamilya sa pagbibigay ng impormasyon, edukasyon, at mga referral para sa mga klinikal na alalahaning pangkalusugan. Makakatulong din sila sa mga tao na magka-access sa mga gamot sa pamamagitan ng pagkonekta sa kanilang botika o provider. Kung kinakailangan, gagamitin ng mga nars ang Serbisyong Telehealth ng Pampublikong Kalusugan para magbigay ng mga bagong reseta para suportahan ang mga pamilya hanggang sa magawa na nilang makipag-ugnayan sa kanilang regular na doktor.

Lokasyon sa Kanlurang bahagi:

UCLA Research Park West
10850 West Pico Blvd.
Los Angeles, CA 90064
Bukas araw-araw: 9 a.m. hanggang 8 p.m.

Lokasyon sa Silangang bahagi:

Pasadena City College Community Education Center
3035 East Foothill Blvd.
Pasadena, CA 91106
Bukas araw-araw: 9 a.m. hanggang 8 p.m.

Gustong malaman ng Pampublikong Kalusugan kung ang mga botika o taga-insure ay hindi sumusunod sa mga panuntunan sa pagtugon sa kalamidad. Kung siningil ka nang higit sa iyong karaniwang copay o nakaranas ka ng iba pang isyu, mangyaring iulat ito sa <https://forms.office.com/g/BQaAFYsQrA> o sa pamamagitan ng pag-scan ng QR code



Tandaan

- **Hindi ka nag-iisa:** Ang mga pampublikong ahensya, nonprofit, botika, at taga-insure ay nagtutulungan para tulungan kang ma-access ang mga gamot sa panahon ng mga emergency.
- **Humingi ng tulong:** Kung nahihirapan ka sa pagkuha o pagbabayad ng mga gamot, ipaalam ito sa amin
- **Dalhin ang mahahalagang impormasyon:** Kung maaari, dalhin ang iyong ID at mga kard ng planong pangkalusugan. Kung wala ka nito, madalas ay mahahanap ng mga parmasyutiko at klinika ang iyong mga detalye.

Para sa karagdagang impormasyon o tulong, makipag-ugnayan sa **Departamento ng Pampublikong Kalusugan ng Los Angeles County** sa **1-833-540-0473** o bumisita sa publichealth.lacounty.gov/media/wildfire. I-follow ang aming social media para sa mga real-time na update.

Mag-ingat at tandaan na available ang tulong para matiyak na mayroon kang mga gamot na kailangan mo.